

OPISYAL NA PAHAYAG

Hulyo 15, 2021

Kontak: Jane Grobaty, Community Information Officer, 562.570.3233,
Jane.Grobaty@longbeach.gov

Para sa Agarang Paglabas

Ang Long Beach Parks, Recreation at Marine Ay Ipagpapatuloy ang Kapisanan ng Baseball para sa Matatanda

***Ang pagpaparehistro ay bukas na para sa mga nasa hustong gulang
na 18 taong gulang pataas***

Long Beach, CA - Ang [Parks, Recreation and Marine Department \(PRM\)](#) sa Lungsod ng Long Beach tumatanggap ngayon ng pagpaparehistro para sa sikat na liga ng baseball na pang-adulto, na pansamantalang natigil noong nakaraang taon dahil sa pag--ingat ng COVID-19. Ang parehong mga pagpipilian sa pag-sayn in at online na pag-sayn-up ay abeylabol.

“Nasasabik kaming makapagpatuloy na muling buksan ang aming lungsod at muling mag-alok ng mga liga ng baseball sa mga taong may sapat na gulang, sabi ni Alkalde Robert Garcia. “Pagkatapos ng buwan na hindi nasiyahan sa palakasan, kompetisyon at kasiyahan ng personal, ang Parke, Libangan at mga liga ng Marine ay magiging isang maligayang aktibidad para sa mga manlalaro at manood sa buong lungsod.”

Ang mga laro ay isasagawa sa iba't-ibang larangan ng mga high school sa lungsod tuwing Linggo hanggang Setyembre 26, 2021. Ang bayad sa pagpaparehistro sa liga ng baseball ay \$480 daang dolyar kasama ang isang %70 dolyar na umpire na bayad bawat laro. Kasama sa iskedyul ang 10 regular na mga laro, kasma ang laro sa playoff para sa mga kwalipikadong koponan. Ang mga indibidwal ay dapat na hindi bababa sa 18 taong gulang upang lumahok sa liga ng baseball. Ang pagpaparehistro ay nagpapatuloy pa din. Ang mga puwang ay limitado at ilalaan sa kung sino ang maunang dumating para magparehistro hanggang meron pang puwang.

Para sa mga karagdagang impormasyon o para magparehistro sa isang koponan, ang mga tao ay maaaring bisitahin ang teamsideline.com/longbeach. Ang pagpaparehistro ng personal para sa mga tagapamahala ng koponan ay abeylabol sa PRM Sports Office na matatagpuan sa Ikalawang-Palapag ng Recreation Park na nasa 18 Clubhouse sa 5001 Deukmejian Dr. Ang tanggapan ay bukas tuwing Martes hanggang Huwebes mula alas 9 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon.

Ang impormasyon tungkol sa mga programa ng PRM ay abeylabol sa longbeach.gov/park/ o tumawag sa 562.570.3150.

###